## PRAYER

- Ipanalangin na makita mo ang mga tao kung paano sila nakikita ni Cristo.
- Ipanalangin na palakasin ng Diyos ang pananampalataya mo na mapatawad ang mga taong nakasakit sa iyo.
- Ipanalangin ang isang taong kilala mo na dumaranas ng pagdurusa at hindi pagpapatawad. Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon na maipakita sa taong ito ang kabutihan ng Diyos.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

grace *changes* everything.

# Pinatawad ni Jesus ang Makasalanang Babae



## WARM-UP

- Naranasan mo na bang manghiram ng isang bagay na makalipas ang ilang araw ay ibinigay na sa iyo bilang regalo? Ano ang naramdaman mo?
- Ikuwento ang isang pagkakataon kung kailan binisita mo ang isang kaibigan at masaya kang tinanggap sa kanyang tahanan.
- May nagawa ka na bang isang nakakahiyang bagay sa harapan ng maraming tao? Ikuwento kung ano ang nangyari.

## WORD

*"Kaya sinasabi ko sa iyo na ang malaking pagmamahal na ipinakita niya sa akin ay nagpapatunay na pinatawad na ang marami niyang kasalanan. Pero ang taong kaunti lang ang kasalanang pinatawad ay kaunti rin ang ipinapakitang pagmamahal."* **LUCAS 7:47**

(Basahin din ang **LUCAS 7:36–50.**)

Mahalagang malaman natin ang bigat na dulot ng ating kasalanan upang makita natin ang halaga ng sakripisyo ni Jesus at maunawaan natin nang lubos ang kapatawaran at labis na pagmamahal Niya sa atin. Sa kuwentong ito, makikita natin kung paanong ang makasalanang babae, sa kabila ng mga tinatanggap niyang panghuhusga at paghatol mula sa iba, ay nagawang ipakita sa lahat ang pagmamahal at pagpapahalaga niya kay Jesus.

## 1 Nagpakita ang makasalanang babae ng debosyon kay Jesus.

*[37]Sa bayang iyon ay may isang babaeng kilala sa pagiging makasalanan. Nabalitaan niyang kumakain si Jesus sa bahay ng Pariseo, kaya pumunta siya roon at nagdala ng pabango na nasa isang sisidlang yari sa batong alabastro. [38]Lumapit siya sa likuran ni Jesus sa bandang paanan. Doon ay umiyak ang babae at tumulo ang luha niya sa paa ni Jesus. Pagkatapos, pinunasan niya ito ng kanyang buhok, hinalikan at binuhusan ng pabango.*
**LUCAS 7:37,38**

Isang kaugalian noong mga panahong iyon ang pagbati sa isang bisita sa pamamagitan ng paghalik, pag-alok ng tubig upang linisin ang kanyang paa, at pagpahid ng langis. Isang babae—na itinuturing na makasalanan—ang nagpakita ng paggalang kay Jesus nang hindi ito ginawa ni Simon na Pariseo (Lucas 7:44–46). Ayon sa kasaysayan, hindi inilulugay ng mga babaeng Judio ang kanilang buhok sa publiko. Subalit ang babaeng ito ay ginamit ang kanyang buhok upang punasan ang mga paa ni Jesus. Ano ang ilan sa mga bagay na ginawa mo upang ipakita kay Jesus ang pagmamahal at pagpapahalaga na karapat-dapat Niyang matanggap? Ano ang sinasabi sa 1 Juan 4:19 tungkol sa dahilan kung bakit natin dapat mahalin ang Diyos?

## 2 Nagpahayag ang Pariseo ng panghuhusga.

*Nang makita iyon ng Pariseong nag-anyaya kay Jesus, inisip niya, "Kung talagang propeta ang taong ito, alam sana niyang masama ang babaeng ito na humihipo sa kanya."* **LUCAS 7:39**

Si Simon na Pariseo ay nakakaalam na ang babae ay makasalanan at inasahan niyang pipigilan ito ni Jesus na makalapit sa Kanya. Hinusgahan niya si Jesus, at hindi niya maintindihan kung bakit ang kanyang bisita, na kilala bilang isang propeta, ay pumayag na mahawakan ng isang maruming babae. Minsan, ganito natin nakikita ang ating mga sarili—na hindi tayo karapat-dapat na lumapit sa Kanya dahil sa Kanyang kadakilaan. Subalit hinahayaan tayo ni Jesus na lumapit sa Kanya kahit pa tayo ay makasalanan at "marumi." May pagkakataon ba na hinayaan mong pigilan ka ng iyong kasalanan na makalapit kay Jesus? Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 5:8 tungkol sa pagmamahal sa atin ng Diyos?

## 3 Naranasan ng madla ang lawak ng kabutihan ni Jesus.

*[47]Kaya sinasabi ko sa iyo na ang malaking pagmamahal na ipinakita niya sa akin ay nagpapatunay na pinatawad na ang marami niyang kasalanan. Pero ang taong kaunti lang ang kasalanang pinatawad ay kaunti rin ang ipinapakitang pagmamahal." [48]Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa babae, "Pinatawad na ang mga kasalanan mo." [49]Ang mga kasama niya sa pagkain ay nagtanong sa kanilang sarili, "Sino kaya ito na pati kasalanan ay pinapatawad?" [50]Sinabi ni Jesus sa babae, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya. Umuwi kang mapayapa."*
**LUCAS 7:47–50**

Ang babae na hinusgahan at hinatulan ng lipunan ay nakatanggap ng kapatawaran mula kay Jesus matapos niyang maintindihan ang bigat ng kanyang kasalanan. Tulad nito, maiintindihan lamang natin kung gaano tayo kamahal ng Diyos sa oras na maintindihan natin ang lawak ng Kanyang kabaitan—kung ano ang naging kabayaran upang mapatawad tayo sa ating kasalanan. Pag-isipan at balikan ang mga panahong umiyak ka sa Diyos, nagtapat ng iyong kasalanan, at humingi ng kapatawaran mula sa Kanya.

## APPLICATION

- Paano mo ipinapakita ang pagmamahal mo kay Jesus? Ano ang maaari mong gawin upang ipakita ang pagmamahal na ito sa iba?
- Naniniwala ka ba na hindi na hahatulan ng kaparusahan ang nakay Cristo? Ano ang maaari mong gawin upang mas matanggap mo ang mga tao sa iyong paligid?
- Paano mo maipapakita ang pagpapatawad sa mga taong may maling ginawa laban sa iyo?